# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 15, 2022

## ST303. Soteriology: 3. Fall

### Ang Kalikasan ng Natural Man (After the Fall)

Bago natin tunghayan ang salaysay nang pagkahulog ng tao sa kasalanan. Sagutin muna natin ang ilang katanungan.

*Tanong*: Saan at paano nagsimula ang kasalanan?

Sa history nang sansinukob ay nakapaloob ang paglalarawan ng isang napakagandang nilalang. Ito ang sabi sa Ezekiel 28:11-15:

> *Ikaw ang tatak ng walang kapintasan, puno ng karunungan at sukdulang ganda. Naroon ka sa Eden, sa hardin ng Diyos; mamahaling hiyas ang nakaadorno sa iyo. Itinangi kang bantay cherubin. Kasama ka ng mga naglalakad sa banal na bundok ng Diyos. Walang maipipintas sa iyong mga gawi mula ng araw na ikaw ay lalangin hanggang sa sandaling ang kabuktutan ay natagpuan sa iyo.*

Sa kanyang liham, niliwanag ni James na ang kasalanan ay nagmumula sa pagkaakit at pagpapatangay sa tukso. Ang pagpapatangay sa tukso ay nagbubunga ng desire o pagnanais ng bagay na labag sa kalooban ng Diyos (James 1:14).

Ganito ang nangyari: Si Lucifer was the seal of perfection, full of wisdom and perfect in beauty. Dahil sa siya nga ay perfect, inisip niya na ang kanyang mga katangian ay katulad ng sa Diyos. Nagpadala si Lucifer sa paghanga sa kanyang sariling mga katangian at kapangyarihan. Kung baga, siya ay nalasing sa sarili niyang kagandahan. Kaya naisip niya na dapat lang na kapantay ng sa Diyos ang kanyang status. At ito ang sinabi niya sa kanyang puso,

> *Iaangat ko ang aking sarili sa kalangitan; iaangat ko ang aking trono sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos; Ilulukluk ko ang aking sarili sa bundok ng kapulungan, sa pinakamataypg na itaas ng bundok na banal. Iaangat ko ang aking sarili sa itaas ng mga ulap; Gagawin ko ang aking sarili na tulad ng Kataas-taasang Diyos* (Isaiah 14:13-14).

So, nagsimula ang kasalanan sa puso ng isang nilalang na nagnais na maging katulad ng Diyos.

Naging idol ni Lucifer ang kanyang sarili to the point na gumamit na siya ng puwersa. Sa Revelation 12, nakasulat ang kinahinatnan ng rebeldeng anghel na ito. At nagkaroon ng digmaan sa kalangitan:

> *Si Michael at ang kanyang mga anghel ang sumagupa sa dragon; ang dragon at kanya namang mga anghel ay lumaban. Subalit hindi siya ganoon kalakas at sila ay natalo, at nawala sila sa kanilang kinalalagyan sa langit. Ang magiting na dragon, yaong ninunong ahas na kinikilalang diablo o Satanas, ay itinapon, sa lupa, kasama ang kanyang mga rebeldeng anghel* (Revelation 12:7-9).

*Tanong*: Nasaan ang kalangitan na binanggit sa kuwentong ito ng paghihimagsik ni Lucifer at ng kanyang mga kampon?

Sa 2 Corinthians 12:2-4, mayroong binanggit si Apostle Paul na being caught up in the third heaven -- in paradise. Maliwanag na ang tinutukoy na third heaven na ito ay ang dwelling place ng Diyos. Hindi alam ni Paul kung ang experience niyang iyon ay *in the body or out of the body*. Pati ang kanyang mga narinig ay nababalot ng hiwaga.

Kung ang ating kalangitan ay ang first heaven, nangangahulugan lamang na ang second heaven is where angels dwell. Ang ating universe ay space-time-energy-matter continuum. Dahil ang mga anghel ay walang material body, masasabi na ang kanilang heaven ay space-time-energy universe, no matter.

Pansinin natin na before the angelic rebellion, ang dwelling place ng lahat ng mga angels ay sa second heaven. Subalit, nang matalo ang mga rebeldeng anghel, sila ay tinapon sa lupa. Hindi sila nakikita ng mga taga first heaven dahil nga wala silang material bodies. Masasabi natin na although ang mga fallen angels ay narito rin lupa, hindi sila naoobserbahan through our natural senses of sight, sound, smell, taste, and touch. Kinakailangan nilang mag-occupy ng material body ng earthly creature, tulad ng tao o hayop. Maraming kuwento sa Gospels ang tungkol sa demon-possession.

Tanong: Kailan nangyari ang rebellion sa kalangitan?

Sinasabi sa Job 38:4-7 na ang mga anghel ay nagdiwang nang sa simula ay likhain ng Diyos ang lupa. Naunamg likhain ng Diyos ang mga anghel dahil sa ika-anim na araw pa Niya nilikha ang tao. At matapos likhain ng Diyos ang tao huminto na Siya sa paglilikha, at binanggit Niya na ang Kanyang creation was good. Ibig sabihin, hindi pa nagaganap ang rebellion kaya ang buong sansinukob ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.

Samakatuwid, ang rebellion ay naganap between the completion of God's creation activities at ng eksena sa Garden of Eden kung saan nakilala natin ang Diablo na sinabi sa Ezekiel 38 na nasa Eden, the Garden of God at binanggit sa Revelation 12 and 20 as that serpent of old called Devil and Satan.

Ang pagkahulog sa kasalanan ng tao ay mababasa sa unang anim na verses sa Genesis 3:1-6. Sa pagsusuri, kailangan nating magtanong ulit.

*Tanong*: Bakit si Eba ang tinarget ng diablo? Bakit hindi si Adan?

Ang craftiness ay makikita sa galing ng preparasyon o pagpaplano ng isang bagay na nais gawin. Halimbawa, bago gumawa ng bahay ay maraming kinakailangang gawin – drawings, measurements, structural analysis, at iba pa. Bago magluto, hinahanda muna ang mga ingredients at recado at mga hakbang na dapat gawin. Ang isang mahalagang maunawaan ng diablo ay ang relationship ng mag-asawa. Sino ang in-charge? Ano kanilang papel sa buhay?

Si Eba ay nilikha ng Diyos as a helpmeet; supportive ang kanyang role. Mahalaga ito. Hindi mabuti na mawala si Eba sa buhay ni Adan. Ibig sabihin, kung wala si Eba, hindi na ganoon kalakas lalabas si Adan. Kaya, kahit ang lalaki ang dapat pabagsakin ng diablo, ang support muna nito ang dapat ma-eliminate.

Pinag-aralan din ng diablo ang gawi at galaw ng mag-asawa. At ano ang situwasyon na ideal sa atake na kanyang gagawin. Alam niya when to strike. At dumating ang sandaling iyon:

Nilapitan ng diablo ang mag-asawa at sinimulan niyang tuksuhin ang babae.

*Now the serpent was more crafty than any of the wild animals the LORD God had made. He said to the woman, Did God really say, 'You must not eat from any tree in the garden?'*

Alam natin na alam ng diablo ang tamang sagot sa kanyang tanong. Subalit, hinayaan niyang sumagot ang babae.

*The woman said to the serpent, We may eat fruit from the trees in the garden, but God did say, 'You must not eat fruit from the tree that is in the middle of the garden, and you must not touch it, or you will die.'*

Sa ganitong paraan hindi na niya kinailangang sabihin pa sa babae na tumingin sa pinagbabawal na bunga, upang hindi magkaroon ng suspicion ang mag-asawa. Tumingin nang kusa ang babae sa forbidden fruit. Mula sa sagot na binigay ng babae, nagkaroon ang diablo ng pagkakataon na contrahin ang sinabi ng Diyos upang makapagtanim ng doubt.

*You will not certainly die, the serpent said to the woman. For God knows that when you eat from it your eyes will be opened, and you will be like God, knowing good and evil.*

At this point, hindi ba dapat pumapel na ang lalaki? Nandoon siya. Alam niya ang nangyayari. Bakit hindi niya nilayo ang kanyang asawa sa tukso? Hindi kaya na nagkaroon din ng doubt si Adan? Pinagmasdan kaya niya ang kanyang asawa kung ano ang kanyang gagawin?

*When the woman saw that the fruit of the tree was good for food and pleasing to the eye, and also desirable for gaining wisdom, she took some and ate it. She also gave some to her husband, who was with her, and he ate it.*

Ito ang sinasabi sa Genesis 2:9,

*The Lord God made all kinds of trees grow out of the ground – trees that were pleasing to the eye and good for food.*

So, tama naman ang babae - the fruit of the tree was good for food and pleasing to the eye. Now, balikan natin ang sinabi ni James tungkol sa temptation:

*Let no one say when he is tempted, "I am tempted by God"; for God cannot be tempted by evil, nor does He Himself tempt anyone. But each one is tempted when he is drawn away by his own desires and enticed. Then, when desire has conceived, it gives birth to sin; and sin, when it is full-grown, brings forth death.*

Ang idea na maaaring maging katulad ng Diyos ay ang itinanim ng diablo sa isipan ng mag-asawa. Nagpadala ang babae sa idea na iyon hanggang ito ay naging pagnanasa sa kanyang puso. At nang mahinog ang pagnanasang ito, iniluwal ni Eba ang kasalanan, na nagbunga naman ng kamatayan.

Nang kumain si Eba ng forbidden fruit, sa mata ni Adan, wala namang nangyari. Nadagdagan ang kanyang doubt sa katotohanan ng salita ng Diyos. Isina-alaala ni Adan ang sinabi sa kanya ng Diyos:

*Of every tree of the garden you may freely eat; but of the tree of the knowledge of good and evil you shall not eat, for in the day that you eat of it you shall surely die."* Genesis 2:16-17

Sa mata ni Adan, hindi naman namatay si Eba. Ibig sabihin sa kanya, hindi totoo ang salita ng Diyos. Ang resulta? Ninais din ni Adan na maging katulad ng Diyos; ang pagnanasa ng pagkaalam ng mabuti at tama. In other words, sila ang magbibigay ng definition kung ano ang mabuti at ano ang tama. Sila na ang magiging standard at wala na silang pananagutan.

Lingid sa mag-asawa, namatay agad si Eba nang siya ay kumain ng forbidden fruit. Subalit, ang spiritual death, na agad dinanas ni Eba, ay labas sa senses ng tao. At ang big deception na kinahulugan ng mag-asawa ay ang katotohanan na sila ay katulad na ng Diyos because they were created in the image and likeness of God. Katulad ni Lucifer, ang Tao ay nilikha ng Diyos with full potential; wala nang maidadagdag pa upang sila ay maging "more perfect."

Ang utos ng Panginoon sa Kanyang mga disciples sa Matthew 5:48 ay:

> *You therefore must be perfect, as your heavenly Father is perfect.*

Not perfect as God is perfect, but perfect as perfect as human beings could be; just as they were meant to be, in the beginning.

**I. *Multiple Choice***

1. Saan nagmula ang kasalanan?
   a. Noong tuksuhin ni Satan sa Eba sa Garden of Eden
   b. Noong matagpuan ang kabuktutan sa puso ng anghel na si Lucifer
   c. Nang kumain si Eba ng ipinagbabawal na bunga

2. Ayon kay James paano nagsimula ang kasalanan?
   a. Kapag nagpatukso ang tao para gumawa ng kasalanan
   b. Kapag ang tao ay naakit at nagpatangay sa kanyang pagnanasa
   c. Kapag ninais makamtan ng tao ang hindi sa kanya

3. Kanino nagsimula ang kasalanan?
   a. Kay Eba na nagnais maging wise na alam ang mabuti at masama
   b. Kay Adan na nagging sunod-sunuran kay Eba
   c. Kay Lucifer na nagnais maging katulad ng Diyos

4. Nasaan ang kalangitan kung saan naganap ang paghihimagsik ni Lucifer at ng kanyang mga kampon?
   a. Sa dwelling place ng Diyos
   b. Sa dwelling place ng mga anghel
   c. Sa dwelling place ng tao

5. Ang diablo ay crafty kaya
   a. Magaling siyang mag-isip kung paano manukso
   b. Magaling siyang magplano kung paano isasagawa ang nais niyang gawin.
   c. Magaling siyang mang-akit ng kanyang bibiktimahin

6. Bakit si Eba ang tinarget ng diablo?
   a. Sapagkat panay ang tingin ni Eba sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama
   b. Dahil ang diablo ay crafty, alam niyang dapat munang pabagsakin ang gumaganap na suporta kay Adan
   c. Sapagkat nakita ng diablo na hindi niya maloloko si Adan

7. Paano sinumulan ng diablo ang panunukso kay Eba?
   a. Sa pamamagitan ng pag-alam kung ano ang nalalaman ni Eba
   b. Sa pamamagitan ng paghikayat kay Eba na tingnan ang pinagbabawal na bunga
   c. Sa pamamagitan ng pakikinig ni Eba sa sinasabi ng Diablo

8. Natutukso ang tao kapag siya's naaakit at nagpapatangay sa
   a. sariling pagnanasa na nagbubunga ng kasalanan na nagbubunga ng kamatayan
   b. sariling kasakiman na nauuwi sa kasalanan at nagreresulta sa kamatayan
   c. sariling kagustuhan na nagbubunga ng kasawian at kamatayan.

9. Ano ang idea na itinanim ng Diablo sa isip nina Adan at Eba?
   a. Sila ay magiging wise
   b. Sila ay hindi mamamatay
   c. Sila ay maaaring maging katulad ng Diyos

10. Nang kumain si Eba ng pinababawal na bunga
    a. Hindi siya agad nakaranas ng kamatayan
    b. Nakita ni Adan na walang nangyari kay Eba
    c. Nakaranas agad si siya ng spiritual death

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© May 15, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.